Tomo 7 Bilang 1 | ISSN No. 2599-5405 | Enero-Pebrero 2020

SULONG!
Ang Pahayagang Pangkaunlaran ng CARD MRI




Pinarangalan ang CARD MBA bilang pang-anim sa mga nangungunang *microfinance companies* sa 2019 ASEAN Corporate Governance Scorecard.

# CARD-MBA, kabilang sa mga top microinsurance companies sa bansa

*ni Charyll April Perez*

**Kinilala ang CARD Mutual Benefit Association (CARD-MBA) bilang isa sa mga top microinsurance companies sa bansa sa 2019 ASEAN Corporate Governance Scorecard (ACGS) noong ika-71 na anibersaryo ng Insurance Commission**.

"Magpapatuloy ang CARD-MBA sa pagbuo ng mga produkto at serbisyo na seseguro sa aming mga miyembro na bubuo nang mas matatatag na mga komunidad," pagsasaad ni CARD-MBA CEO May Dawat. Ayon pa sa kanya ipagpapatuloy ng institusyon ang pagiging mahusay, puno ng integridad at pamamahala ng mabuti upang mapabilis ang pag-angat ng antas ng pamumuhay ng milyon-milyong pamilyang Pilipino.

**Ang Scorecard**

Ang ACGS ay binuo ng Asian Development Bank (ADB) at ASEAN Capital Markets Forum (ACMF). Nilalayon nitong iangat ang 600 ASEAN publicly listed companies (PLCs) patungo sa mahusay na pamantayan at kasanayan sa pamamahala ng korporasyon. Ang *scorecard* ay isang mahalagang instrumento upang maipakita ng mga miyembro ng ASEAN ang pangako nitong maging komprehensibo sa pamamahala ng korporasyon upang mapataas pa ang *foreign direct investment* sa rehiyon.

Nilalayon nitong mabigyan ng proteksiyon ang mga kumpanya sa pamamagitan ng pagsunod sa nasabing *scorecard* na nakahanay sa prinsipyo ng pamamahala ng korporasyon ng Organization for Economic Cooperation and Development (OECD). Ito ang mahalaga upang mas malawak na maitaguyod ang *capital market development* sa mga kabilang na bansa tulad ng Indonesia, Singapore, Thailand, Vietnam, Malaysia, at Pilipinas.

**CARD Mutual Benefit Association**

Taong 1999 nang

▶ 2



Nagkaroon ng pagsasanay ang mga kababaihang coffee processors na isinagawa ng DOST-CALABARZON

## DOST-CALABARZON, nagbigay kasanayan sa women coffee processors

*ni Myrrh Caithlin L. Gutierrez*

Bilang suporta sa Women's Economic Empowerment (WEE) ng Philippine Commission on Women (PCW), nagsagawa ang DOST-CALABARZON ng sunod-sunod na pagsasanay at *forum* para sa mga babaeng

▶ 3

## CARD MRI, nakibahagi sa 2020 Coco Festival

*ni Alenel Cantuba*

Muling ipinakita ng CARD MRI ang makulay na kwento ng organisasyon nang makibahagi ito sa katatapos lamang na ika-25 Coco Festival Annual Float Parade noong Enero 18, 2020.

Ibinida ng dalawang float ng CARD MRI ang yaman ng San Pablo – ang puno ng niyog. Nakisali rin ang mga mukha ng ilang institusyon na nasa ilalim ng organisasyon – ito ay sina Cardee ng CARD Bank; Isme ng CARD SME Bank; Anty Pid ng CARD MRI Rizal

▶ 3

MAGBASA
MATUTO
KUMILOS
PARA SA PAGBABAGO




Basahin ang Sulong sa mahigit 3,000 opisina ng CARD MRI sa buong bansa. Mapapanood din ang video version nito sa aming official FB page **@PublishingHouseInc.**




Sina CARD MRI Founder and Chairman Emeritus Dr. Jaime Aristotle B. Alip (ikalawa mula sa kanan) at Pioneer Life President and CEO Mr. Lorenzo Chan, Jr. (ikatlo mula sa kaliwa) noong ilunsad ang book teaser ng Sachet Insurance for the Micromarket. Ang mga kasama nila ay sina (L-R) SEDP CEO Fr. Jovic Lobrigo, BSP Managing Director of the Center for Learning and Inclusion Advocacy Pia Bernadette Roman Tayag, MiMAP President Silvida Antiquera, at MCPI Chairperson Eduardo Jimenez.

# Mga tagapagtatag ng CARD Pioneer, naglunsad ng isang book teaser ukol sa microinsurance

*ni Clariza Concordia*

Sa paglalayong maibahagi ang kwento at aral ng kauna-unahang *microinsurance company* sa bansa, nagsulat sina CARD MRI Founder and Chairman Emeritus Dr. Jaime Aristotle B. Alip at Pioneer Life President and CEO Lorenzo Chan, Jr. ng isang libro na nagsasalaysay ng pagkakabuo at naging paglalakbay ng CARD Pioneer Microinsurance Inc. (CPMI).

Ang *teaser* ng librong pinamagatang "Sachet Insurance for the Micromarket: A Glimpse into the Story of CARD Pioneer Microinsurance Inc." ay inilunsad sa National Microinsurance Forum 2020 noong Enero 30 sa Philippine International Convention Center, Pasay City.

Ang naturang pagtitipon ay dinaluhan nina Commissioner Atty. Dennis B. Funa ng Insurance Commission at Asec. Ma. Teresa Habitan ng Department of Finance. Kasama rin sina SEDP CEO Fr. Jovic Lobrigo, BSP Managing Director of the Center for Learning and Inclusion Advocacy Pia Bernadette Roman Tayag, MiMAP President Silvida Antiquera, at MCPI Chairperson Eduardo Jimenez.

Ayon sa isa sa mga tagapagtatag ng CPMI na si Chan, ang libro ay ililimbag upang ibahagi ang mga aral at leksyon na natutuhan nito sa pagbibigay ng *microinsurance*, kung saan ang balangkas nito ay madalas mabanggit bilang isang modelo sa ibang bansa.

"Umaasa kaming makapagbahagi pa ng higit pa sa lumalawak na kaalaman patungkol sa *insurance* – ang isang dating pangmayaman lamang na produkto ay ginawang posible para sa lahat," pagbabahagi ni Chan.

**Ang paglalakbay ng CPMI**

Taong 2013, ang CARD MRI at Pioneer Life ay nagkaroon ng kasunduan na magbigay ng *non-life insurance products* para sa mga mahihirap na pamilya sa bansa. Ilan sa mga produktong pag-seguro na hatid ng CPMI ay ang Sagip Plan, Kabuklod Plan, at *crop insurance*.

Sa isang panayam, parehong ibinahagi nina Dr. Alip at Chan ang kagustuhan nilang makapagbigay ng insurance sa mga mahihirap kung kaya't nagkaroon ang CARD MRI at Pioneer ng kasunduang bumuo ng isang *microinsurance company.*

Sa kalagitnaan ng taong 2000, sinimulan tingnan ng pamunuan ng CARD MRI ang posibilidad ng pagbibigay ng produktong *non-life insurance* sa mga kliyente nito," pagkukwento ni Dr. Alip. "Ang aming pagnanais na matamo ang layuning ito ang nagdala sa amin sa isang katauhan, na tulad ng CARD, ay may puso para sa mga mahihirap."

Taong 2007 nang magkakilala sina Dr. Alip at Chan. "Ako ay naghahanap ng isang partner na *microfinance institution* na tutulong sa amin upang maisakatuparan ang aming pangarap na *sachet insurance*," pagbabahagi ni Chan.

Ang "Sachet Insurance" ay tumtukoy sa abot-kaya at madaling ma-akses na mga produktong pang-seguro na kayang tugunan ang pangangailangan ng mga nasa mababang antas ng lipunan.

Ang pagkikitang ito ang bumuo sa isang magandang ugnayan sa pagitan ng pinakamalaking *microfinance institution* sa bansa at isa sa mga pinakamakabagong *commercial insurers* ng bansa.

Noong April 2019, kinilala ang CPMI ng Insurance Commission bilang isa sa mga nangungunang tagapagbigay ng *insurance* sa sektor, na mayroong 66.89% na *market shares.*

Ang librong Sachet Insurance for the Micromarket ay opisyal na ilulunsad ngayong Abril 2020. Para magpareserba ng kopya ng libro, maaaring makipag-ugnayan sa CARD MRI Publishing House sa pamamagitan ng Facebook page nito @PublishingHouseInc o maaaring mag-email sa publishing@cardmri.com.



# CITI suportado ang National Microinsurance Forum para isulong ang "Value Creation through Partnership and Collaboration"

*ng CITI Foundation*

Isinagawa ng Microinsurance MBA Association of the Philippines (MiMAP) o mas kilala bilang RIMANSI, sa suporta ng Citi Foundation, ang taunang National Microinsurance Forum sa Philippine International Convention Center.

Sina MiMAP Chairman Emeritus Dr. Jaime Aristotle B. Alip (ikalawa mula sa kanan) at ang Citi Philippines CEO Aftab Ahmed (kanan) ay maligayang sinalubong ang mga panauhin at tagapagsalita ng naturang *forum* kabilang sina Bangko Sentral ng Pilipinas Managing Director of the Center for Learning and Inclusion Advocacy na si Pia Roman-Tayag (ikalawa mula kaliwa) at Department of Finance Assistant Secretary Teresa Habitan (ikatlo mula kanan). Ang nasabing *forum*, na dinaluhan ng mahigit sa 300 indibidwal, ay bahagi ng *capacity-building program* na nagsama-sama sa mga *key microinsurance stakeholders* mula sa buong bansa upang talakayin ang mga naging pagbabago at mga isyu sa industriya. Napagdiskusyunan din ang mga oportunidad para sa pakikipagtulungan sa *product development*, paggamit ng *digital* na serbisyong pampinasyal, at maging ang pagsulong ng mahusay na kasanayan sa pamamahala.

## CARD MBA, kabilang sa..

◀ 1

maitaguyod ang CARD MBA upang magbigay ng *insurance* at ambag sa pangkalahatang layunin ng CARD MRI na sugpuin ang kahirapan sa bansa sa pamamagitan ng pagbuo ng mga komunidad na mabilis na makababangon matapos ang hagupit ng sakuna. Patuloy itong naghahatid ng *life insurance*, *retirement fund*, *loan redemption fund (LRF)*, at *Golden Life Insurance program*. Sa ngayon, ang institusyon ay nakapag seguro na ng sa 20,255,616 na indibidwal o 19% ng kabuuang populasyon sa bansa.

# Ang CARD SME Bank at ang pagbabago nito patungong digital banking

*ni Jeffrey Tandingan*

Ang CARD MRI ay tinataguyod ang *financial inclusion* sa bansa. Sa paglipas ng mga taon, patuloy itong nagbibigay sa mga Pilipino mula sa mga mahihirap na komunidad ng akses sa pampinansyal na serbisyo. Tulad ng CARD MRI, ang CARD SME Bank ay nagtutungo na rin sa *digital transformation* upang makapaghatid ng maaasahang serbisyong pambangko sa mga kliyente nito.

Bago pa man magtapos ang 2019, ipinakilala ng CARD SME Bank sa mga kliyente nito ang konek2CARD *mobile application* kung saan maaaring gumawa ang isang kliyente ng transaksyong pambangko gamit ang kanilang *android phones*. Sa pamamagitan ng app na ito, maaaring i-monitor ng mga kliyente ang kanilang *savings account, fund transfer*, magbayad ng utang, i-tsek ang kanilang *transaction history,* at makita ang kanilang *mini-statement* kahit saan at kahit anong oras.

Maaari din silang magsagawa ng *withdrawals* gamit ang Digital Cash Machine (DCM) na naka-install sa bangko sa pamamagitan ng QR code na nililikha ng nasabing app.

Gayundin, ang mga kliyente ay maaaring magbayad ng kanilang utang o mag-withdraw ng kanilang ipon sa pamamagitan ng ahente ng konek2CARD na matatagpuan sa kani-kanilang barangay.

Ayon kay CARD SME Bank President and CEO Aristeo A. Dequito, ang pagbabago ng isipan at kasanayan ng mga tao mula sa tradisyonal na pagbabangko patungo sa digital ay napakahirap ngunit ang determinasyon ng institusyon na makapagbigay sa mga kliyente nito ng mahusay na karanasang pambangko ay ang pangunahing prayoridad nito.

Sa ngayon, ang prayoridad ng institusyon ay ang kumbinsihin ang mga kliyente nito sa paggamit ng makabagong teknolohiyang inilulunsad ng institusyon.

"Alam naming maraming pagsubok ang pagpapakilala ng makabagong teknolohiya ngunit sinisigurado namin na ang mga pagbabagong ito ay may mataas ang kalidad at madaling gamitin. Sa ngayon, ang aming pagsusumikap na makapagbigay ng mas mabilis na serbisyo ay nakikilala na ng mga kliyente ng bangko," pagbabahagi ni Dequito.

**Digital banking**

Ayon kay Josefina Carpio, "Ang konek2CARD ay isang mahusay na pagbabago para sa mga kliyente ng bangko. Mas mabilis na nagagawa ngayon ang *withdrawals*. Isa pang mahusay sa konek2CARD ay ang magagandang *features* nito tulad na lamang ng maaari kang mag-load sa iyong cellphone. Lagi nating bitbit ang ating *smartphones* saan man tayo magpunta at ang konek2CARD ay nagbibigay ginhawa kapag nalimutan natin ang ating ledger o ATM cards. Lagi tayong may akses sa ating *savings account* saanman at kailanman."

Ineengganyo din ni Carpio ang iba nitong kliyente ng gumamit ng nasabing *mobile app* para sa mas mabilis na transaksyong pambangko.

Inisyal na inihandog ng bangko ang serbisyong ito para sa mga kliyenteng naninirahan malayo sa bangko upang mas mabilis nilang ma-akses ang kanilang mga *account* at magsagawa ng transaksyong pambangko nang hindi na mismo pumupunta sa sangay ng bangko.

"Sa pamamagitan ng *digital transformation* na ito, ang mga kliyente ng CARD SME Bank ay mas magiging produktibo pa dahil sa mahusay at mabilis na serbisyong pambangko," ani Dequito. Ang pagbabagong ito ay makatutulong sa mga kliyente ng bangko na mas makatipid ng pera at oras dahil hindi na sila gagastos para lamang pumunta at pumila sa bangko upang gumawa ng transaksyon. Ngayon, mas may oras na silang gawin ang iba pang bagay na kailangan nilang tapusin.

"Sa mga pagsisikap na tulad nito, nilalayon ng CARD SME Bank na maisulong ang *digital financial inclusion* upang ang lahat ay magkaroon ng akses sa pampinansyal na produkto at serbisyo ng CARD MRI," pagtatapos ni Dequito.

## DOST-CALABARZON, nagbigay kasanayan sa women...

◀ 1

*microentrepreneurs*, lalo't higit ang mga *coffee processors*, noong Pebrero 10-13 sa DOST-CALABARZON Regional Office.

Sa unang araw, nagbigay ng oryentasyon si Anna Rina Evangelista patungkol sa ginagawa ng Food and Drug Administration (FDA) na License to Operate (LTO) at pagpoproseso ng FDA-Certificate of Product Administration.

Sa mga sumunod na araw, ang grupo ng Food Safety Team members ng DOST-CALABARZON na sina Lyn Fernandez, Niña Giron, Lorelie Dorado, Anna Daigan, Precious Monedera, at Jenny Bronburac ay nagsagawa naman ng mga pagsasanay patungkol sa *Basic Food Hygiene*, *Good Manufacturing Practices,* at *Food Safety Hazards.*

Inaasahang magsisimula ang tulong na maibibigay sa mga *women coffee processors* sa pamamagitan ng mga isinagawang *forum* at pagsasanay. Tinitignan din ng ahensya, sa pakikipagtulungan sa PCW-WEE, kung paano matutulungan ang mga *women entrepreneurs* sa pagsunod sa *basic food safety standards* upang makakuha ng FDA-LTO at CPR.

Isa pa sa mga aktibidad na aming pinaplano ng ahensya ay isang *writeshop* patungkol sa GMP *manual* at paghahanda ng rekord, implementasyon, *mock audit,* at *turnover* ng *packaging* at *labelling assistance* sa mga MSMEs.

Pinuri naman ng mga nagsipagdalo ang inisyatibong ito ng ahensya at PCW. Ayon kay Dr. Estela Taño ng Green Rescue, "Nakita ko ang mga dapat gawin para makakuha ng LTO at CPR. Gayundin, ang mga dapat bantayan sa negosyo ng pagkain: *contaminants*, *hazards*, *toxins*. Mapapataas din ang kalidad ng produkto, kumpyansa sa negosyo at ng mga mamimili."

"Malaking tulong ang seminar na ito dahil ito ay nagbigay sa amin ng kaalaman kung paano magiging ligtas at dekalidad ang aming produkto at paano o ano ang mga dapat naming gawin para makasunod sa *requirement* ng FDA. Sana'y magkaroon pa ng mahuhusay na seminar tulad nito," saad ni Emmalyn Rubrico of AbsMush.

Ang PCW-WEE ay isang proyektong sinusuportahan ng DOST-CALABARZON na naglalayong magbigay ng akses at kontrol sa mga kababaihan ng *high-value productive resources.* Sinusuportahan nito ang mga kababaihan na magkaroon ng mas maraming akses at mas mahusay na trabaho, magsimulang mag-negosyo, at magkaroon ng seguridad sa kabuhayan. Nais ng WEE na magkaroon ang mga kababaihan ng desente at makataong klase ng trabaho habang tinatamasa ang mga benepisyo mula sa mga oportunidad tulad ng meron sa mga kalalakihan (Philippine Commission on Women, 2009).

## CARD MRI, nakibahagi sa 2020 Coco...

◀ 1





Bank; at Super Carda ng CARD MBA.

Naging parte rin ng float ng CARD MRI ang adhikain nito, "To eradicate poverty, we need financial inclusion, access to health, quality education, and insurance protection", na nagbigay sa mga tao ng malalim na pagkakakilanlan sa organisasyon. Binigyang-buhay din ito ng mga nanay na naging malaking bahagi ng pag-unlad ng CARD MRI ang parada.

Samantala, nanguna sa parada ang truck ng That's Eat Pancit na isang inisyatibo ng Likha ni Inay na nasa ilalim ng CARD MRI na dalhin sa iisang lugar ang iba't ibang klase ng pansit sa buong bansa habang natutulungan naman nito ang mga microentrepreneurs sa komunidad sa pamamagitan ng pagkuha sa kanila ng mga mahahalagang sangkap

▶ 12




# Pangarap at pag-asa

*ni Alvin Villamena*



Labing-limang taon na ang nakalipas nang ako ay nangarap makapunta at magtrabaho sa Dubai. Sa mga nagdaang taon, marami na rin akong narating na mga bansa ngunit patuloy ang aking pagnanais na isang araw ay mararating ko rin ang Dubai.

Taong 2019, sa wakas ay natupad ko rin ang aking pangarap na makarating sa Dubai. Dahil dito, ako ay lubos na nagpapasalamat sa CARD MRI dahil ito ang naging instrumento upang makarating sa aking pangarap na destinasyon. Ang pagkakataong ibinigay sa akin ng organisasyon ang nagtulak at nagbigay pa lalo sa akin ng motibasyon upang paghusayan pa ang aking trabaho.

Sa aking naging paglalakbay sa Dubai, may pumukaw sa aking atensyon at damdamin na nagpaalab pa sa aking misyong makatulong pa sa pamilyang Pilipino. Habang ako ay pasakay ng eroplano, nakita ko ang lungkot sa mga mata ng ating mga kababayan na nag-aantay na lamang ng minuto papaalis sa kanilang lupang sinilangan. Marahil ay dahil ito sa mga kontratang kanilang gagampanan sa isang malayong bayan upang kumita ng pera at matamo ang pag-asang maiahon ang buhay ng kani-kanilang pamilya kapalit ang matinding lungkot dahil sa

▶ 5



## Pangarap at...


◀ 4

pagkakawalay nila sa mga minamahal sa buhay.

Alam kong ganito ang sitwasyon ng karamihan sa ating mga OFWs ngunit ang masaksihan ang lungkot sa grupo ng ating mga kababayan ang nagbigay pa nang mas malalim na kahulugan sa aking trabaho sa CARD MRI. Mas ninais kong pag-ibayuhin pa ang aking ginagawa tungo sa isang malayang bansa mula sa pangigipit ng kahirapan. Mas nag-umapoy pa ang aking pagnanais na mabawasan ang bilang ng mga magulang, asawa, at anak na kinakailangan pang magsakripisyo at makipagsapalaran sa ibang bansa upang maitaguyod ang kanilang pamilya.

Sa aking naging pagbisita, natutuwa naman ako at may nakilala akong mga tao na tumutulong sa ating mga kababayan sa Dubai na nagbibigay-aral kung paano nila gagastusin ang perang kanilang pinaghihirapan upang hindi mabalewala ang ilang taon nilang pagsasakripisyo para sa kanilang pamilya.

Hindi man natupad ang aking mga pangarap na makapagtrabaho sa Dubai, ang naging pagbisita ko sa bansang ito ang nagpaalala sa akin na palaging isaisip at isapuso ang adhikain ng CARD MRI na matuldukan ang kahirapan sa ating bansa.


Php 500

**Author:** Dr. Jaime Aristotle B. Alip

**Description:** Dr. Jaime Aristotle B. Alip shares the story of his thirty years of work as the Founder and Chairman of CARD MRI since it founding in 1986 until he handed the baton to the next leader. It chronicles the story of CARD MRI, its humble beginnings, and how it continuously makes a difference in improving the lives of the poor.

For orders, contact CARD MRI Publishing House through its Facebook page, @CARDMRIPublishingHouse, or mobile number (0928-642-5940)


# Organiko! Yan ang produkto

*ni Jamila Monette B. Balmeo - DA-ATI*



**Ang Pamilya Viñas**

"Gusto ko talaga yung nagtatanim ako kasi sumisigla ang buhay ko. Nae-ehersisyo ako. Sa pagtatanim kahit magkasakit ako, nakaka-recover agad ako kasi ang mga halaman ang nagbibigay lakas sa akin," bungad ni Gng. Jean Viñas, 55 taong gulang, isang Magsasaka Siyentista ng Farmers Information and Technology Services (FITS) Center ng Taytay, Rizal.

Ikaanim sa sampung magkakapatid, bata pa lamang ay natuto nang magsaka si Jean sa kanilang 25 ektaryang lupain sa Bikol dahil na rin sa impluwensya ng kanyang magulang na magsasaka rin. "Tinuro sa aming magkakapatid kung paano pagyamanin ang lupa. Ang magsasaka, sabi ng magulang ko, 'ang yaman na nasa lupa'," ani ni Jean. Hanggang sa siya ay nag-asawa, nagkaroon ng sariling pamilya at nanirahan sa Taytay, Rizal ay ipinagpatuloy pa rin niya ang pagsasaka. Katuwang niya ang kanyang asawa na si G. Arcy Viñas, 57 taong gulang, sa araw-araw na pagsasaka. Si Arcy ay dating namamasukan sa isang pribadong kumpanya na kalaunan ay umalis at tinulungan na lamang si Jean sa pag-aasikaso sa sakahan.

Maging ang dalawang anak ni Jean ay nahilig na rin sa pagsasaka. Si Jennylyn, 25 taong gulang, ang nangangasiwa sa kanilang taniman ng gulay. "Ang pagsasaka ang bumuhay sa amin ng aking magulang. Ito ang nagbigay suporta para makapagtapos kami," saad ni Jennylyn. Samantala si Jonathan, 21 taong gulang, ay nagsasaka na rin. Nakatapos si Jonathan ng kursong Agrikultura sa tulong na rin ng *scholarship program* ng ATI.

**Ang Organikong Pagsasaka**

Sa loob ng dalawampung taon ay patuloy na isinasagawa ni Jean ang organikong pagsasaka. "Ang *organic*, bukod sa masarap ang lasa ay malayo sa anumang sakit," batid niya. Pinamamahalaan niya ang dalawang organikong sakahan, ang 3,000 sqm na sariling lupain at isang ektarya na *techno demo farm* na siya rin ang nagsisilbing *cooperator* nito. Mayroon siyang tanim na ampalaya, pipino, *cherry tomato*, kamatis, *lettuce*, Chinese kangkong, siling labuyo, siling panigang, sitaw, patola, at upo gayundin ang *guava jelly*, saging, rambutan, santol at *indian mango*. Para masiguradong ligtas ang kanyang mga pananim, si Jean na rin mismo ang gumagawa ng kanyang sariling *organic concoctions* tulad ng Fish Amino Acid, Fermented Plant Juice at Fermented Fruit Juice.

Malaki ang pangangailangan sa organikong produkto sa kanilang komunidad. Dahil sa kilala na rin si Jean na nagtatanim ng mga organikong gulay ay marami na ang bumibili sa kanya. "Kulang na kulang pa rito sa komunidad lang namin dahil minsan mayroong maramihang bumibili. Ayaw nilang maubusan. Minsan nag-uunahan pa," sabi ni Jean. Hindi na siya nahihirapan pang ibenta ang kanyang mga organikong pananim. Sa katunayan, "Yong bumibili sa akin nagkukwento rin sa iba na dito na sila bumili sa akin dahil organiko. Sila na rin ang nag-aanyaya sa ibang mga tao na sa amin na bumili," banggit pa ni Jean. Malaki ang tulong pinansyal ng organikong pagsasaka kay Jean at sa kanyang buong pamilya. Lahat ng ikinabubuhay nila ay dulot ng pagsasaka.

Labis ang kanyang kagalakan sa mga tumatangkilik ng kanyang mga organikong produkto. "Natutuwa ako kapag sinasabi sa akin ng mga mamimili na masarap ang produkto ko dahil napatunayan ko sa kanila na hindi pala ako nagkamali ng hakbang. Ligtas ang kanilang kinakain," pagbabahagi ni Jean. Aktibo rin si Jean sa pagpapalaganap ng organikong pagsasaka sa kanilang lugar. Siya ay kabilang sa ilang asosasyon tulad ng Magsasaka ng Muzon, Municipal Agriculture and Fishery Council (MAFC) at Rizal Vegetable Council of Taytay kung saan siya ang pangulo.

**Bilang Magsasaka Siyentista**

Taong 2018 nang hirangin si Jean bilang Magsasaka Siyentista (MS) ng FITS Center Taytay, Rizal. Para kay Jean, malaking gampanin ang maging MS. Hindi lamang ito nakasaad sa papel kundi isang responsibilidad.

"Marami ka ng dapat tuklasin sa iyong pagsasaka bilang isang Magsasaka Siyentista. Ikaw mismo ang tutuklas kung ano-ano ang mga bagay na dapat mong gawin para sa iyong sinasaka na mas lalo pang ikabubuti ng komunidad," paliwanag niya. Dagdag pa ni Jean na malaking tulong ang naidudulot ng pagiging

▶ 11

## EDITORYAL

# Pag naka-seguro ka, protektado ka




Nagsisimula pa lang ang taon ngunit binulabog na tayo ng iba't ibang sakuna at pangyayari na nagkumprumisa sa kaligtasan at buhay ng maraming tao. Halimbawa sa mga ito ay ang hindi inaasahang pag-alboroto ng Bulkang Taal na nagdulot ng matinding takot sa maraming komunidad. Hindi pa ganap na nakababangon ang ating mga kababayan mula sa pinsalang dulot ng bulkan ay siya naming pagpasok ng isa pang problema. Sa kasalukuyan, patuloy pa rin ang pagkalat ng virus na COVID-19 at hanggang ngayon ay hindi pa rin nahahanapan ng lunas. Ang mga pangyayaring ito ay mga bagay na hindi inaasahan, ngunit sa positibong pananaw, maaari silang paghandaan. Isang paraan ay ang pagseseguro.

Marami sa ating mga Pilipino ang hindi pa rin naka-seguro, maaring dahil sa kakulungan ng kaalaman tungkol sa mga benepisyo nito, o di kaya'y sa kawalan ng kakayahan at oportunidad na mag-seguro dulot ng labis na kahirapan. Ang mga hamong ito ang naging dahilan upang maitatag ang ating institusyon.

Bakit nga ba mahalaga ang microinsurance o pagse-seguro? Isang mahalagang rason: Proteksyon.

Ang panganib na dulot ng iba't ibang sakuna at mga pangyayari sa ating buhay ay laging may pampinansyal na implikasyon. Halimbawa, sa tuwing tayo ay magkakasakit, natural na gagawin natin ang lahat ng paraan upang mapabilis ang ating paggaling. Gagastos tayo nang malaki para mabili ang mga gamot o magawa ang anumang operasyon na kailangan upang malunasan ang ating mga kumplikasyon.

Sa kabilang banda, kung ikaw ay naka-seguro, maaari kang makakuha ng libre o dagdag na suntento sa iyong mga gastusin sa ospital at makatanggap ng iba't iba pang benepisyo gamit ang iyong insurance.

Isa pang halimbawa ay kung ang iyong pangakabuhayan ay nasira dahil sa isang sakuna, maaari kang tulungan ng iyong microinsurance provider gaya ng CARD upang maibangon muli ang iyong pangkabuhayan sa pamamagitan ng kanilang mga loan at livelihood programs. Bukod dito, nagbibigay din ang CARD ng scholarship opportunities sa mga anak ng mga pinagsisilbihan nitong mga kliyente.

Ito ay ilan lamang sa mga benepisyo ng microinsurance. Sa madaling sabi, pinoproteksyunan tayo ng microinsurance sa anumang hamong pampinanysal kung sakaling tayo man ay humarap sa kahit anong hindi inaasahang pangyayari. Bukod dito, binbigyan din tayo nito ng ahensya na maiangat ang ating mga buhay sa pamamagitan ng mga benepsiyong kakabit nito.

Ang pagseseguro ay isa lamang sa mga maraming paraan ng paghahanda ngunit masasabi nating ito ay isang mahalagang pananggalang sa pagharap natin sa mga suliranin sa buhay. Magandang bago pa man dumating ang mga suliraning ito ay maseguro na natin ang ating mga sarili, pati ng ating mga pamliya, nang sa gayon ay handa tayo sa pagharap sa kinabukasan. Kung kaya't pagbubutihin pa ng CARD Inc. ang pagpapalaganap ng edukasyon tungkol sa microinsurance at sa pagbibigay ng oportunidad, gaya na edukasyon at pangkabuhayan, sa mga kliyente nito nang sa kalauna'y maabot nito ang dakilang layuning mapuksa ang kahirapan sa bansa.

SULONG! Editorial Board

CARD MRI PUBLISHING HOUSE INC.
*Publisher*

Dr. Jaime Aristotle Alip
Flordeliza Sarmiento Marilyn Manila
*Editorial Advisers*

Dr. Edmund Centeno
*Editor-in-Chief*

Cyrene Grace Lubigan
*Managing Editor*

Jeffrey Tandingan
*Associate Editor*

Arnold Gutierrez
Albert Dayag
*Layout Artists*

Raffy Antes | Neliza Largueza
Charyll April Perez | Clariza Concordia
*Writers*

Clark Qury Cuello
*Cartoonist*

Nilalayon ng pahayagang ito na mabigyang inspirasyon ang bawat mambabasa upang lalong mapabuti at mapaunlad ang kaniyang sarili, pamilya, at bansa. Isinusulong namin ang tapat at totoong pagbabalita ng mga ulat na mahalaga para sa inyo. Para sa iba pang impormasyon, maaaring bisitahin ang www.cardmri.com, ang opisyal na website ng CARD MRI. Maaari ring tumawag sa (049) 562-4309 o magpadala ng email sa publishing@cardmri.com.

Ang SULONG! Ang Pahayagang Pangkaunlaran ng CARD MRI ay inilalathala anim na beses sa loob ng isang taon tuwing ka-makalawang buwan sa pamamagitan ng CARD MRI Publishing House Inc.

Para sa *advertising rates* at para bumili ng kopya ng Sulong, maaaring tumawag sa (049) 562-4309 o magpadala ng email sa publishing@cardmri.com.

**CONTRIBUTORS**
Cleofe Figuracion
CARD Hong Kong Foundation
Aristotle C. Castronuevo
Marife Abela
Dianne Ubaldo
Lorelie Aguilar
Kreese Fabro Javier

**CARD MRI PUBLISHING HOUSE INC.**
M.L. Quezon St., City Sub., San Pablo City, Laguna

**@CARDMRIOfficial**
Official Facebook page

**@CARDMRI**
Official IG account

**CARD MRI**
Official YouTube channel

**www.cardmri.com**
Official Website

Dear Boss,

Una sa lahat, patuloy ang aking pasasalamat sa ating Panginoon. Maraming salamat din po sa oportunidad na ibinigay ninyo sa aming mga estudyante. Ang oportunidad na inyong ibinigay ay naging makabuluhan dahil sa dami ng aking natutuhan at magagandang pabaon pag-uwi sa amin na magagamit ko sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Isa sa mga hinahangaan ko na sa kabila ng inyong naging tagumpay ay nananatili pa rin ang kasimplehan at ang inyong kababaang-loob. Napakalaking pribilehiyo na makilala kayong lahat.

Nakakamangha po kayo. Kung ang ibang matatagumpay na tao ay makikita mong naka-coat, kayo ay may simple lamang na suot na tila ba hindi kayo ang tagapagtaguyod ng isang matagumpay na organisasyon. Isa po kayong napakagandang halimbawa sa aming mga estudyante. Kapag nakapagtapos po ako ng pag-aaral, mag-a-apply ako agad sa CARD.

Nais ko lang din pong maiparating na sana ay magkaroon din ng scholarship para sa mga criminology students na anak ng member ng CARD na nagnanais makapag-aral ngunit kailangan ng suportang pampinansyal.

Napakalaking tulong po ng CARD sa amin at sana po ay marami pa kayong matulungan hindi lang sa Pilipinas ngunit maging sa ibang bansa. Patnubayan po kayo ng ating Panginoon!

Lubos na gumagalang,

Jocelyn S. Macapuno



## PAYO NI BOSS

**Dr. Jaime Aristotle B. Alip**
Founder and Chair Emeritus,
CARD MRI

Maraming salamat sa iyong pagtangkilik sa produkto, programa, at serbisyong ibinibigay ng buong CARD MRI. Dinisenyo at binuo namin ang lahat ng ito para sa ikauunlad ng komunidad na aming tinutulugan.

Ako ay nagagalak na sa katulad mong nasa murang edad pa lamang ay nakikita at napapahalagahan mo na ang ginagawa at ipinaglalaban ng buong organisasyon ng CARD MRI.

Nais namin na higit na makilala ang CARD MRI hindi lamang sa aspetong pampinansyal kundi bilang isang organisasyong naglalayong tapusin ang kahirapan sa bansa sa pamamagitan ng mga hatid naming malawakang programa. Nais namin na ang aming mga serbisyo ay magiging daan upang makapagbigay ng maayos at magandang pamumuhay para sa lahat.

Ikaw ay isa sa milyon-milyon naming natutulungan sa buong bansa na nagpapatunay na nasa tamang daan kami sa pagsulong sa aming misyon.

Sa lahat ng ating natamong tagumpay, ang pagiging simple at ang kababaang-loob ay dalawa na sa mga kaugalian na nakabaon na sa bawat puso ng mga kawani. Ito ang isa sa mga tatak ng aming organisasyon upang mas epektibong makatulong sa bawat pamilyang aming pinaglilingkuran. Kami ay nangangako na palalaguin pa ang kaugaliang ito upang magpatuloy ang taos-pusong serbisyo para sa lahat.

Sa ngayon, sa tulong ng CARD Scholarship Program, isa na ang Bachelor of Science in Criminology sa mga kurso na maaaring makakuha ng scholarship. Malaki ang maiaambag ng mga susunod na kapulisan upang mas mapablis ang ating pagtamo sa isang mahusay na bayan.

Hangad ko ang iyong tagumpay, Jocelyn. Pagbutihin mo ang iyong pag-aaral at inaasahan ko na sa mga susunod na taon ay makikita kitang muli at ikaw ay kabilang na sa isa sa mga natatanging kawani ng CARD MRI na nagpapatuloy na tumulong sa ating kapwa Pilipino na puksain ang kahirapan sa bansa.

## MULA SA PUSO NI ATE MD

Sa unang dalawang buwan ng taong 2020, hatid ko ay isang pagbati at pagpugay sa lahat ng mga nagsusumikap para sa kanilang minamahal; una't higit sa lahat ng mga kawani ng CARD na kaisa ng institusyon sa pagsasakatuparan ng layunin nitong wakasan ang kahirapan sa bansa.

Sa pagbubukas ng taon, bumungad sa atin ang isang kalamidad na nakaapekto sa ating maraming mga kababayan. Nakalulungkot na makita ang mga naapektuhang buhay at kabuhayan ng ating mga kababayan. Sa isang banda, naantig naman ang aking puso nang makita ko ang mga kawani na nagtutulong-tulong sa paggawa upang matulungan ang mga nangangailangan.

Nang makita ko ang kanilang ngiti sa pagtulong, masasabi kong ang diwa ng pamilya sa loob ng CARD MRI ay buhay na buhay pa. Puno rin ang pasasalamat ng aking puso nang makita kong maging ang mga kliyente ng CARD ay bukas-palad na nag-abot ng kani-kanilang mga tulong.

Tunay nga na malaki ang nagagawa ng pagmamahal dahil kung walang pag-ibig, wala rin ang diwa ng awa, paglingap, at pagdamay.

Kasabay ng pagdiriwang natin ng buwan ng puso ay idinaraos din natin ang ikalawang dekada ng pagkakatatag ng paaralan ng CMDI. Isa sa mga pangunahing layunin nito ay makapagpatapos ng mga estudyanteng may kaalaman at pusong magsilbi sa mga mahihirap nating kababayan.

Sa mga nangangarap na makapagtapos ng pag-aaral ngunit walang kakayahan sa aspetong pinansyal, nais kong ipaalam na ang CARD ay nagbibigay rin ng scholarships at tulong pinansyal. Dahil ang pag-asa rin namin na ang edukasyon ay susi sa tungo sa pag-ahon mula sa kahirapan.

Hangad kong makita tagumpay ng lahat. Alam kong hindi madali ang pagkamit ng ating mga pinpangarap, pero magpatuloy lang tayo at huwag huminto. Lagi lang nating aalahanin kung para kanino ba tayo nagsusumikap.

Ang CARD, para sa bansa ay patuloy na magsusumikap.



**Ms. Flordeliza L. Sarmiento**
Managing Director,
CARD MRI

## CARD MRI DISASTER RESPONSE

# CARD MRI, naghatid ng relief assistance sa mga apektado ng nagbabadyang pagsabog ng Bulkang Taal

*ni Clariza Concordia*

Sa kalagitnaan ng pag-aalburoto ng Bulkang Taal, nag-abot ng agarang tulong ang CARD MRI sa mga komunidad na naapektuhan ng nagbabadyang pagsabog.

Nagbahagi organisasyon ng CARD MRI Disaster Relief Assistance Program (CDRAP). Ang CDRAP ay isang *non-financial service* na binibigay ng CARD MRI sa mga apektadong kliyente nito mula sa mga kalamidad. Sa pamamagitan ng programa, ang mga apektadong kliyente ay nakatatanggap ng pagkain, *medicine pack*, *face mask*, at *hygienic kit*.

Mula sa datus ng CARD MRI noong Enero 16, 34,401 na pamilya ang naitalang apektado ng pag-aalburoto ng bulkan. Agad na nakapagbigay ng pakete ng CDRAP ang CARD MRI sa mga nasalantang komunidad na nagkakahalaga sa mahigit apat na milyong piso.

Sa karagdagan, naglunsad naman ang CARD MRI ng isang *donation drive* sa *social media account* nito. Sa tatlong araw ng nasabing *donation drive*, ang organisasyon ay nakalikom ng 5,100 bote ng maiinom na tubig, mga damit, at PHP50,000 *cash* at *cash pledges* at iba't iba pang klase ng tulong mula sa iba't ibang tanggapan ng CARD MRI sa buong Pilipinas.

Ayon kay CARD MRI Founder and Chair Emeritus Dr. Jaime Aristotle B. Alip, ang trahedyang nangyari ay mas lalong naglapit sa CARD MRI sa mga komunidad na pinagsisilbihan nito. "Sa mga panahong ito, mas kailangan ng ating mga kababayan ang ating tulong. Isa sa mga mahahalagang parte ng pagsugpo sa kahirapan ay ang mabilis na pagtugon sa mga nasalanta ng kalamidad. Hangga't kaya namin, narito kami para maglingkod."

**Iisang layunin**

Kahit na ang CARD MRI ay mayroon ng nabuong plano sa pagresponde sa panahon ng sakuna na nagbibigay ng agarang tulong sa mga apektadong pamilya, hinihikayat din ng CARD MRI ang iba pang mga organisasyong na mag-abot ng tulong.

"Libo-libo ang naapektuhang kliyente sa pagbuga ng makapal na abo ng bulkang Taal. Dahil sa naroon na ang aming mga kasamahan sa mga apektadong lugar, naging mabilis at mahusay ang pagresponde natin sa mga nasalanta. Malugod din naming tinatanggap ang kahit anong klase ng tulong para mas mabilis pa nating matugunan ang pangangailangan ng mga nasalanta," ayon kay CARD MRI Managing Director Flordeliza Sarmiento.

Isa sa mga partner ng CARD MRI na tumugon sa pagbibigay ng tulong ay ang Aboitiz Group kung saan nagbigay sila ng kahon-kahon ng mga bote ng maiinom na tubig.

Nagbigay rin ang Microfinance and Development Center (M&D) ng limang milyon na Vietnamese Dong at ang Tinh Thuong Microfinance Institution (TYM) ng 59,488,000 Vietnamese Dong. Ang dalawang institusyon ay partner ng CARD MRI mula Vietnam.

Samantala, ang pagbabahagi ng mga *relief packs* sa mga *evacuation centers* ay nagawang posible sa pakikipag-ugnayan sa mga LGU at lokal na tanggapan ng DSWD.

"Natutuwa kami sa mga natatanggap na tulong ng CARD MRI mula sa aming mga partners, lalo't higit ang mga lokal na komunidad. Ito ay nagpapatunay na kahit anuman ang estado ng ating pamumuhay, maaari pa rin tayong makatulong sa mga nangangailangan," pagtatapos ni Sarmiento.

# CARD MRI, nagbigay ng disaster relief sa mahigit 110k kliyenteng apektadong ng sakuna

*ni Kristine Mae Beredo*

Nang tumama ang bagyong Ursula sa bansa noong Disyembre 2019, ang mga kawani at kliyente ng CARD MRI ay nagbigay ng kanilang oras sa kanilang bakasyon na makapaghatid ng tulong sa mga nasalanta ng malakas na bagyo.

Sa datos ng CARD MRI noong Enero 8, 2020, mahigit 110, 800 ang naitalang apektadong pamilya kung saan nakapaghatid ang CARD MRI ng 82,674 *relief packs* na nagkakahalaga ng PHP13,287,960.00

Ang Silangang Bisayas at ibang bahagi ng Timog Luzon ay lubhang tinamaan ng bagyo. Ang probinsya ng Leyte, Eastern Samar, Aklan, Biliran, at Tacloban City ay papasailalim sa *state of calamity* dahil sa pinsalang dinulot nito sa mga ari-arian, mga pasilidad, at para sa kaligtasan ng publiko.

**Diwa ng Pamilya**

Patuloy na pinagbubuti ang proseso ng CARD MRI upang mas maging mabilis ang pagtugon ng organisasyon sa mga nasalanta ng kalamidad.

Ang mga kawani at kliyente ay nag-boluntaryo upang makapagbigay ng agarang tulong sa mga nasalanta ng bagyo sa pamamagitan ng pagre-repak ng bigas, gamot at mabilisang ebalwasyon sa pinsalang naidulot ng bagyo sa mga apektadong kliyente ng CARD MRI. Sinigurado ng CARD MRI na ang mga apektadong kliyente nito ay mabibigyan ng agarang tulong.

Ang regalo ng pagbibigay at team work kasama ang pagnanais na makatulong sa mga taong nangangailangan ay isang malinaw na ebidensiya ng malakas na diwa ng pamilya sa loob ng CARD MRI.

Binigyang-diin naman ni CARD MRI Managing Director Flordeliza Sarmiento, ang kahandaan ng organisasyon at kinilala ang puso ng pagtatrabaho ng bawat kawani na naglaan ng oras upang makatulong sa mga nasalanta.

"May mga klase ng sakuna na hindi talaga natin inaasahan. Kailangan nating maging handa sa kahit lahat ng pagkakataon. Hindi ito ang magpapatigil sa atin na tumulong sa bawat isa. Ang CARD MRI ang magiging pag-asa nila sa panahon ng kawalan ng pag-asa at kahinaan," pagtatapos ni Sarmiento.



# CARD MRI at Aboitiz Foundation, Inc. nagbigay tulong sa mga apektadong mamamayan sa pagsabog ng Bulkang Taal

*ni Jeffrey Tandingan*

Pinangunahan ni CARD MRI Managing Director Flordeliza Sarmiento ang distribusyon ng 3,000 bote ng tubig sa Bauan, Batangas at Alfonso, Cavite kung saan inilikas ang mga apektadong residente mula Agoncillo, Batangas dahil sa pagsabog ng Bulkang Taal. Ang mga maiinom na tubig ay ibinigay ng Aboitiz Foundation, Inc. (AFI), ang partner ng CARD MRI mula pa 2016 sa pagbibigay serbisyo sa mga mahihirap na komunidad. Sa karagdagan, patuloy ang pagsisikap ng CARD MRI upang maabutan ng tulong ang mga apektadong kliyente at mga pamilya nito sa pamamagitan ng CARD MRI Disaster Relief Assistance Program (CDRAP) kung saan nagbigay ang organisasyon ng pagkain, gamot, at mga damit sa naapektuhan ng pagsabog.

# Muling Pagbangon


*ni Charyll April Perez*



Isa ang isla ng Panay sa mga lubhang nasalanta ng bagyong Ursula na humagupit sa bansa noong panahon Disyembre 2019. Maraming pamilya at kabuhayan ang naapektuhan, kasama na si Lourdes Dayao mula Pontevedra, Capiz. Ayon sa kanya, nanumbalik ang takot niya sa paghagupit ni Ursula dahil kasing lakas nito ang bagyong Yolanda ang lakas nito. Sa lakas na dalang ulan at hangin ng bagyo hindi na nila nagawang ipagdiwang ang pasko dahil sinira nito ang kanilang tahanan, mga ari-arian, at kabuhayan.

Nanatili namang positibo at patuloy na nagpapasalamat si Lourdes sa mga tulong na kaniyang natanggap. Mabilis ang naging pagtugon at agad siyang nabayaran ng *insurance claims* ng CARD Pioneer Microinsurance Inc. (CPMI) na siyang ginamit niya upang muling bumangon. Agad niyang naipagawa ang bubong ng kanilang bahay at muli nang nanunumbalik sa normal ang kanilang pamumuhay matapos ang hagupit ng bagyo.

Layunin ng CPMI na mabigyan ang mga pamilyang tulad ni Lourdes ng lakas at pag-asang harapin nang may tapang ang mga unos na darating sa kanila.




# Ang Pagsasaka bilang Negosyo

*ni Janine L. Cailo - DA-ATI*

"Kailangan ng negosyo ang ating paghahalaman, kinakailagan tayo ay kumita," ani G. Josue M. Barcelos o mas kilala sa tawag na Ka Josue sa kanyang komunidad, isang retiradong punong-guro sa elemetarya at sa kasalukuyan ay isang negosyante at magsasaka mula sa bayan ng Rosario, Batangas.

**Pagsisimula**

Bata pa lamang si Ka Josue nang siya ay mamulat sa pagsasaka. Palibhasa ang kanyang magulang ay nagsasaka, siya at ang kanyang mga kapatid ay tumutulong na sa gawaing pang bukid. Nagtapos sa kursong Edukasyon sa taong 1968 at bagama't mahigit isang dekada siyang hindi nagturo, pumasok si Ka Josue at ang kanyang asawa sa iba't ibang negosyo tulad nang pagtitinda. Taong 1979 nang siya ay nagsimulang magturo sa bayan ng Rosario, Batangas at na-destino sa iba't ibang mababang paaralan. Ang kanyang kakayahan at natutuhan sa pagtatanim ay kanyang nadala sa larangan bilang guro. Maliban sa pagtuturo, siya rin ang namahala sa gulayan ng paaralan na kanyang pinapasukan. Sinimulan din ni Ka Josue na humiram ng lupa at linangin ito hanggang sa siya ay makabili ng sariling sakahan sa Brgy. San Isidro, Rosario, Batangas.

**Isang Agripreneur**

Noong 2002, nagretiro si Ka Josue sa pagtuturo at tinutukan na lamang ang kanyang negosyo at ang pamamahala sa kanyang tatlong ektaryang sakahan. "Bilang magsasaka tayo, dapat wala tayong sayangin na lugar sa ating sakahan. Lahat ng pwedeng itanim ay itanim mo, dahil nakakamenos din sa ating gastos," payo ni Ka Josue sa kapwa magsasaka upang tumaas ang ani ng sakahan. "Yung kita natin sa ibang halaman ay ibabawas natin sa ating naging gastos," dagdag pa niya.

Ilan lamang ito sa mga estratehiya ni Ka Josue sa pagpapatakbo niya ng kanyang sakahan na Mango Grove Agricultural Farm. Dagdag pa niya, sa kanyang pamamahala ng kanyang bukid ay ang pagpapababa nang gastusin sa produksyon ng pagtatanim. "Kahit mababa ang tumatakbong presyo sa merkado ay tutubo pa rin tayo, kikita pa rin tayo," paliwanag ni Ka Josue.

Ang pangunahing tanim ni Ka Josue ay palay, mais, mani, at iba't ibang mga gulay. Maliban sa *integrated farming*, pinagpapalit din niya ang mga tinatanim niya sa iba't ibang panahon upang maiwasan ang paggamit ng kemikal at mapapababa ang gastos sa pagtatanim. Gumagamit din si Ka Josue nang sariling gawang natural na pestisidyo at pataba na mula sa mga materyales na makikita sa paligid ng bukirin.

Sa kasalukuyan ang bukirin ni Ka Josue ay isang certified Good Agricultural Practices (GAP) sa puting mais at mani.

Mayroon siyang dinagdag na mga pasilidad sa kanyang sakahan tulad ng silid para sa mga kemikal na pataba at pestisidyo, mga kagamitan para sa mga sakahan at mga makina, palikuran, at lugar para sa produksyon.

"Malaki ang naging pagbababago simula noong naging GAP certified ang kanyang bukirin, tulad ng tapunan ng ginamit na panlason sa palay ay talagang binabaon natin. Mayroon tayong *washing facilities* at meron din tayong mga kagamitan na tinatanggap sa gobyerno bilang pag-iingat, at merong sadyang lalagyan pati ang mga gamit at bihisan ng mga magtatrabaho ay mayroon din tayong lugar," ayon kay Ka Josue.

Kaalinsabay nito, noong 2019, ang Mango Grove Agricultural Farm ay nabigyan nang sertipiko bilang isang Learning Site for Agriculture ng Agricultural Training Institute (ATI) Region IV-A.

**Aktibong magsasaka**


Ayon nga sa kasabihan, "kalabaw lamang ang tumatanda." Sa kasalukuyan, nasa 74 na taong gulang na ngayon si Ka Josue at dala pa rin niya ang sigla at lakas sa pakikilahok sa mga pagsasanay mula sa lokal na pamahalaan hanggang sa panrehiyunal na gawain. Sa katanuyan, siya ay isa sa Magsasaka Siyentista (MS) nang Farmers' Information and Technology Services (FITS) Center ng bayan ng Rosario.

"Para sa akin, ang una at malaking tulong na naibigay ng gobyerno ay ang mga pagsasanay nila na binibigay nila sa atin, iyong pinaparating nila sa atin at mga impormasyon tungkol sa pagsasaka," ani Ka Josue.

Gayundin, mayroon din siyang hinahawakan na posisyon sa mga asosasyon ng

▶ 11

# BALITANG PANREHIYON




Bacoor

## CARD SME Bank, nagbukas ng sangay sa Bacoor

**Cavite** – Binuksan ng CARD SME Bank, isang thrift bank, ang ika-34 nitong sangay sa Bacoor City noong Pebrero 24, 2020.

Ang patuloy na pagbubukas ng mga sangay ng bangko ng CARD SME Bank ay isa sa mga estratehiya ng bangko upang mas maging *accessible* ang mga produkto at serbisyong pambangko nito para sa MSMEs o micro, small, and medium enterprises at sa iba pang mga negosyo o indibidwal na mangangailangan ng mga ito. "Umaasa kaming ang pagbubukas namin sa Bacoor ay higit pang makatutulong sa maraming MSMEs sa pamamagitan ng aming mga *micro* at *SME loan products*. Sa bawat sangay na aming binubuksan, nilalayon naming makapagbigay ng oportunidad sa mga nais na maging negosyante na mapalago pa ang kanilang negosyo at mapahusay ang kalidad ng kanilang pamumuhay," saad ni CARD SME Bank President and CEO Aristeo A. Dequito.

Davao City

**Binuksan ng CARD MRI Hijos Tours ang kauna-unahang sangay nito sa Davao City noong Enero 2019.**

Ang pagbubukas ng sangay nito ay tumatanggap ng mga manlalakbay na nais maging bahagi ng Hijos Tours sa San Pablo City, Iloilo, Leyte, Samar, Davao at Baguio. Maaari ding mag-book ng flights katuwang ang kumpanya.

# Hijos Tours sinusuportahan ang hablon weaving

*ni Charyll April Perez*



Si Leah Tihing, isang kliyente ng CARD Bank mula sa bayan ng Miag-ao, ay umaasang muling mapagyayaman ang kanilang tradisyon ng paghahabi sa Iloilo.

Ang CARD MRI Hijos Tours, isang *community-based tourism company*, ay tumutulong sa pagpapanatili ng isang pamana sa Iloilo – ang paghahabi ng hablon. Ang Hijos Tours ay nagdadala ng mga turista na galing sa iba't ibang panig ng bansa upang ipakilala ang kultura at tradisyon ng paghahabi ng mga taga Miag-ao.

Ayon sa Presidente ng Hijos Tours na si Marilyn M. Manila, "Ang industriya ng paghahabi ng hablon ay unti-unting humina sa kwento ng Iloilo. Kami ay natutuwa na ang industriya ng ito ay muling nakikilala hindi lamang sa lokal na komunidad ngunit maging sa labas ng bansa. Taong 2019 nang madiskubre namin ang komunidad ng manghahabi ng hablon sa Miag-ao. Kami ay nalulugod na maging parte sa muling pagpapakilala, pangangalaga, at pagsusulong ng kanilang tradisyon.

Sa pamamagitan ng lakbay-aral at ng *tour program* ng Hijos Tours partikular na ang Hijos de los Rios, ang komunidad ng mga manghahabi ay binibigyan ng oportunidad na isulong ang kanilang kultura at maipakilala ang mga produkto nila sa mas malawak na merkado.

**Ang industriya ng paghahabi ng hablon**

Naging tanyag ang Iloilo noon sa paghahabi

▶ 11

## Ang Pagsasaka bilang... ◀ 9

magsasaka tulad na lamang ng Irrigator's Association at Rice Seed Grower.

Dinadayo din ng iba't ibang grupo ng mga magsasaka mula sa ibang bayan at probinsya ang kanyang sakahan. "Ito ang aking adbokasiya, ang maturuan at maibahagi ko ang aking mga natutuhan at nalalaman," aniya Ka Josue.

Ayon kay Ka Josue, patuloy pa rin niyang pagyayamanin ang kanyang kakayahan at kaalaman upang sa mga susunod na taon ay makapagsagawa na ng pagsasanay sa kanyang *Learning Site.* Gayundin, balang araw ay maging *farm tourism site* ang Mango Grove Agricultural Farm.




## Organiko! yan ang... ◀ 5

MS niya dahil marami siyang natutuklasang makabagong pamamaraan sa pagsasaka. Dahil isang *techno demo farm* ang kanyang sakahan, marami na ring mga mag-aaral at guro ang bumibisita sa kanya para magpaturo, magpatubo, mag-alaga at magpalago ng halaman. "Malugod naman ako na maibahagi ang aking nalalaman para hindi lang ako ang matuto maging ang mga henerasyon pang darating ay maituturo rin nila ito. Kung mawala man ako, may naibahagi ako sa buhay nila," pagbabahagi ni Jean.

**Bunga ng Pagsisikap**

Dahil sa masigasig sa pagtuklas ng mga makabagong impormasyon at teknolohiya, si Jean ang madalas na pinapadala ng Municipal Agriculture Office ng Taytay sa mga pagsasanay. "Masipag, masigasig, madaling mag-adopt sa mga teknolohiya at saka talagang nagre-research siya. Nakaka-engganyo rin siya sa ibang mga magsasaka namin na magsanay ng organic farming. Malaki ang naitutulong niya hindi lamang sa organikong pagsasaka kundi sa paggugulayan din," sambit ni Gng. Myrna Custodio, Municipal Agriculturist ng Taytay.

Hindi na mabilang ang dami nang nilahukan pagsasanay ni Jean. Ilan lamang ang School on Air, Training on Good Agricultural Practices, Vegetable Farming at Farm Business School. "Hindi ko malalaman ang teknolohiyang ito kung hindi sa mga seminar. Dahil sa ATI at Department of Agriculture, napakalaki ng pasasalamat ko dahil sa kanila kaya andun ako sa bahaging nalalaman ko ang makabagong teknolohiya at gusto kong hindi ako huminto sa pagtuklas ng makabagong teknolohiya para sa akin at para sa aking mga apo," bigkas niya. Ayon kay Jean, ina-apply niya agad ang mga natutuhan sa pagsasanay sa kanyang sakahan.

Sa kanyang pagsisikap, nakamit niya ang parangal bilang "Best Farmers Vegetable Category" sa buong bayan ng Taytay noong 2018. Siya rin ang itinanghal na Grand Prize winner sa "PINAKA-Best Agricultural/Fishery Produce taong 2013.

**Abot Kamay na Tagumpay**

Marami pang pangarap at adhikain ang gustong marating ni Jean. Nais niyang mapalawig pa ang kanilang sakahan lalo't higit mapalawak pa ang kaalaman sa mga makabagong impormasyon at teknolohiya sa pagsasaka. Hindi siya hihinto sa pagtuklas at maibahagi ang kanyang mga natutuhan. Para kay Jean, "Sa akin hindi ko pa masasabi na tagumpay na ako ng lubusan kasi mayroong pang teknolohiya na hindi pa sa akin naituturo lahat. Ito ang gusto kong marating pa. Kung ano pa yung teknolohiya na darating sa mga magtuturo sa akin ay tatangkilikin ko ito. Doon ko masasabi na tagumpay na tagumpay na ako at ia-apply ko ito sa aking pagtatanim."

# Hijos Tours sinusuportahan ang habol... ◀ 10

ng hablon bago pa man dumating at tinangkilik ang iba't ibang klase ng tela mula sa labas ng bansa.

Ang hablon ay nagmula sa isang salitang Hiligaynon na "habol" na ang ibig sabihin ay paghahabi. Ito ay tumutukoy sa proseso ng paghahabi at ang mismong tela nito.

Kilala ang Miag-ao na isa sa mga gumagawa ng hablon sa probinsya. Madalas nilang ginagamit sa paghahabi ang hibla mula sa bulak, piña, at abaca upang masiguro ang kalidad ng kanilang produkto.

Isa sa mga lokal na naghahabi ng hablon at nagbebenta ng mga kalidad na produkto tulad ng mga patadyong, barong tagalog, saya, at bandana ay si Leah Tihing.


Si Leah, isa sa mga manghahabi ng hablon sa Miag-ao, ay piniling pagyamanin ang tradisyon ng kanilang paghahabi para sa mga susunod na henerasyon. "Naging bahagi na ng tatlong dekada ko ang paghahabi ng hablon. Magiging mahirap para sa akin na pabayaan at hayaang makalimutan na lamang ang tradisyong ito," pagbabahagi ni Leah.

Ang kanilang grupo ay nakikipag-ugnayan sa mga unibersidad sa probinsya upang ituro sa mga kabataan ang proseso ng paghahabi at maunawaan ang kahalagahan ng pamanang ito. Sa nasabing pakikipag-ugnayan sa mga paaralan, si Leah kasama ang iba pa niyang kasamahang manghahabi, ay nakapagbabahagi ng kanilang kaalaman patungkol sa kahalagahan ng ginagawa. "Nais naming matutuhan nila ito at maging parte ng tradisyong ito dahil sila ang susunod na henerasyong magpapayaman ng industriya ng paghahabi.

Ayon pa kay Leah, ang industriya ng paghahabi ng hablon ay ang pinakamatagal na industriya sa probinsya. "Ang industriyang ito ay nararapat lamang na maibahagi sa iba. Makaluma man ang tingin ng iba rito, ngunit binigyan kami ng pagkakataon ng Hijos Tours na maipakilala ang aming tradisyon sa kanilang mga manlalakbay at maipakita kung ano ang maibibigay ng bayan ng Miag-ao sa mga tao."

Ibinahagi rin niya na ang Hijos Tours ay nagbigay ng oportunidad sa mga lokal ng Miag-ao para makilala sa iba't ibang panig ng bansa. "Pinalawak nito ang aming merkado dahil regular na binibisita ng Hijos Tours kasama ang mga manlalakbay nito."

"Inaasahan ko na ang paghahabi ng hablon ay magpapatuloy at makikilala sa loob at labas ng bansa. Sinisigurado namin na sa mga susunod na henerasyon, may mga bago kaming konseptong maipakikita," pagtatapos niya.



## CARD MRI, nakibahagi sa 2020 Coco...

◀ 3

sa pagluluto ng pansit.

Ang Coco Festival ay isang linggong pagdiriwang upang kilalanin ang kontribusyon ng niyog sa mayamang pag-unlad ng lungsod noong mga nagdaang taon. Ang float parade ay nilahukan din ng iba't ibang pampubliko at pribadong organisasyon sa lungsod.

Ang CARD MRI ay naitaguyod noong 1986 sa San Pablo City, Laguna upang matugunan ang pangangailangan ng mga landless coconut farmers sa lungsod. Pinalawig nito ang programa't serbsiyo sa buong bansa upang suportahan ang kampaniya nitong wakasan ang kahirapan.







## Sudoku Challenge

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 | | 8 | 4 | | 6 | | | |
| | 5 | | | 7 | | 2 | 6 | |
| | 9 | | | | | | | 3 |
| | | | | 9 | | | 8 | 4 |
| | | 5 | 6 | | 8 | 7 | | |
| 4 | 8 | | | 1 | | | | |
| 9 | | | | | | | 2 | |
| | 1 | 2 | | 6 | | | 5 | |
| | | | 8 | | 9 | 4 | | 6 |